
## Banghay – Aralin sa Filipino III

**May-Akda: Rhea C. Medilla**
**Designation: Teacher III**
**Paaralan: CENTEX Batangas**




**I. Layunin**

1. Naibibigay ang buod ng kuwento nang may wastong pagkakasunud-sunod
2. Nasasagot nang buong husay ang mga tanong gamit ang mapanuring pag-iisip
3. Nakapagbabahagi ng mga sariling karanasan ayon sa hinihingi ng sitwasyon

II. **Paksang-Aralin**

1. ***Pamagat:*** "Hipon at Biya"
2. ***May-akda:*** Carla M. Pacis
3. ***May-guhit:*** Joanne de Leon
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagmamahal sa kaibigan

**III. Pamamaraan**

1. **Pagganyak**
   Ang bawat mag-aaral ay magsusulat ng katangian na naglalarawan sa kanilang kaibigan upang ang buong klase ay makabuo ng "wordle". (Magkakaroon ng bahaginan ng mga kasagutan.)

   Halimbawa ng "wordle"




2. **Paghawan ng Balakid**
   "Ang ating kuwento ngayong araw na ito ay tungkol sa dalawang magkaibigan. Bago tayo magbasa, ating pag-aralan ang ilan sa mga salitang ginamit sa kuwento."
   (Magpakita ng mga larawan na nagpapahiwatig ng kahulugan ng mga sumusunod na salita.)"Pag-usapan ang kahulugan ng mga sumusunod na salita ayon sa mga larawang kapares nito."

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| lungga | binungkal | alitan | bungad | taghoy | tangis |

   Kahulugan ng mga salita:
   - lungga - isang maliit na butas sa lupa na tinitirahan o pinagtataguan ng mga hayop
   - binungkal - hinukay ang lupa
   - alitan - away o hindi pagkakaunawaan
   - bungad - harapan o bukana
   - taghoy - pagdaing o pag-iyak
   - tangis - sigaw, hiyaw, iyak

3. **Pagbasa ng Kwento**
   Interactive Read Aloud ang pamamaraan na gagamitin sa pagbasa ng kuwento.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

Ang istoryang ating babasahin ngayon ay tungkol sa magkaibigang Hipon at Biya.
Ano sa palagay ninyo ang mangyayari sa magkaibigan? Ating tuklasin.

(Huminto nang pagbabasa sa mga sumusunod na pahina at magsimula ng talakayan gamit ang mga katanungan upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga pangyayari sa kuwento.)

Halimbawa ng mga katanungan:

1. Paano naging magkasundo sina Hipon at Biya gayong hindi sila magkauri?
2. May mga kaibigan ka rin bang naiiba sa iyo? Paano kayo nagkakasundo?
3. Bakit kaya ginagawa nina Hipon at Biya ang magagandang bagay para sa isa't isa?
4. Gumagawa ka rin ba ng magagandang bagay para sa iyong kaibigan? Magbigay ng halimbawa.
5. Ano ang pinag-ugatan ng away nina Hipon at Biya?
6. Ano ang nag-udyok kay Hipon na utusan at pahirapan si Biya?
7. Paano namuhay sina Hipon at Biya na wala sa tabi ang isa't isa? Naging madali ba ito para sa kanila?
8. Nagkaroon na rin ba kayo ng away ng iyong kaibigan? Ano ang inyong naramdaman at ginawa?
9. Kung ikaw ay isa kina Hipon at Biya, ano ang gagawin mo upang maipakita ang pagpapahalaga at pagmamahal sa iyong kaibigan?
10. Ano ang maipapayo mo kina Hipon at Biya upang mapatatag ang kanils pagkakaibigan?

**4. Pagkatapos Bumasa**

Magkaroon nang malayang talakayan sa inyong grupo gamit ang mga tanong sa

a. Discussion Guide.
    - Ano ang ibig sabihin ng pagiging tunay na kaibigan?
    - Ang lahat ba ng tao ay nangangailangan ng kaibigan sa buhay? Ipaliwanag.
    - Masasabi mo bang tunay na kaibigan ang isang taong minsan nang umiwan sa iyo? Ipaliwanag.
    - Hindi nag-aaway ang tunay na magkaibigan. Sumasang-ayon ka ba o hindi? Bakit?
    - Kailangang laging magkasama ang magkaibigan. Sumasang-ayon ka ba o hindi? Bakit?
    - Kailangang magkapareho lagi sa lahat ng bagay o pananaw ang magkaibigan. Sumasang-ayon ka ba o hindi? Bakit?

b. Pangkatang Gawain

   Ang buod ay pinaikling bersyon ng mahabang kuwento na binubuo lamang ng mahahalagang pangyayaring naganap sa istorya.
   Ang bawat pangkat ay magbabahagi ng buod ng "Hipon at Biya" sa isang natatanging paraan.
    - **Pangkat 1 (Writing Center):** Isulat ang buod ng kuwento sa pamamagitan ng isang tula.
    - **Pangkat 2 (Drama Center)**: Isadula ang buod ng kuwento.
    - **Pangkat 3 (Art Center):** Iguhit ang mga pangunahing pangyayari ng kuwento sa isang "story board."
    - **Pangkat 4 (Media Center):** I-record ang sarili/pangkat na nagkukuwento ng buod ng "Hipon at Biya"

**IV. Paglalapat**

Pagsunud-sunurin ang mga kaganapan sa kuwento ng "Hipon at Biya." Lagyan ng bilang 1–5.

_____ Muling bumalik si Biya kay Hipon at malugod naman siyang tinanggap nito.
_____ Nagkaroon ng alitan sina Hipon at Biya.
_____ Umalis si Biya sa lugar na tinitirahan nila ni Hipon.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

____ Nagtutulungan at nagdadamayan silang dalawa.
____ Sina Hipon at Biya ay naging magkaibigan sa kabila nang kanilang pagkakaiba.

**V. Pagpapahalaga**

Paano mo maipakikita ang pagmamahal at pagpapahalaga sa iyong kaibigan? Sumulat ng isang pangako para sa isang kaibigan.

**VI. Takdang-arain**

Ano ang pinakapaborito mong kuwento? Isulat ang buod nito at humandang ibahagi sa klase.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation